Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-07 NG SETYEMBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 196-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MARIING IPINARARATING, IPINAKIKIUSAP AT BUONG GALANG NA IPINAAABOT SA BUTIHING PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAIPAMAHAGI ANG MGA PINAGTIBAY NA PINANSIYAL NA TULONG GAYA NG NAKAPALOOB SA SECTION 22 NG CITY ORDINANCE NO. 10-2020 (LIVING ALLOWANCE) PARA SA MGA TODA AT SEKTOR NG TRANSPORTASYON, SA KAPASIYAHANG PANLUNGSOD 108-2020 AT BLG. 147-2020 (FINANCIAL ASSISTANCE FOR VOLUNTEERS) NA NAKAPALOOB SA SUPPLEMENTAL BUDGET NO. 01-2020 AT 02-2020, SA MGA SEKTOR NA NANGANGAILANGAN UPANG MAKATULONG NA PANTAWID SA PANDEMYANG DULOT NG COVID-19.

AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

SAPAGKAT, ang Lungsod ng Malolos ay napailalim sa Enhanced Community Quarantine (ECQ) mula noong ika-17 ng Marso hanggang ika-15 ng Mayo, 2020 at sa ilalim ng Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ) mula sa ika-16 ng Mayo hanggang ika-31 ng Mayo 2020, bunsod ng pagkalat ng COVID-19 Virus at mula sa Setyembre 1-30, 2020 sa ilalim ng General Community Quarantine (GCQ);

SAPAGKAT, sa mga panahong ang Lungsod ay nakikibaka sa sakit na COVID-19 at sa patuloy na paglaban nito sa nasabing pandemika ay katuwang at kasama ang mga kawani ng 51 Sangguniang Barangay sa Lungsod ng Malolos;

SAPAGKAT, itinalaga ang mga Barangay Tanod, Force Multiplier, Barangay Secretary, Barangay Treasurer, Barangay Admin., BRK, Clerk, Eco-Aide, SK Kagawad, SK Treasurer at SK Secretary, sa pagbabantay sa mga checkpoints upang masiguro ang kaligtasan at kapayapaan sa kani-kanilang teritoryong hurisdiksiyunal, gayundin ay naging katuwang sila ng Pamahalaang Panlungsod at ng Sangguniang Barangay sa pamamahagi ng relief goods sa may humigit-kumulang 74,138 households sa lungsod at katuwang din sa pagpapatupad ng mga umiiral na Batas Nasyunal at Lokal na Ordinansa;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI | KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI | KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

SAPAGKAT, ang mga kawani ng bawat barangay tulad ng Barangay Tanod, Force Multiplier, Barangay Secretary, Barangay Treasurer, Barangay Admin., BRK, Clerk, Eco-Aide, SK Kagawad, SK Treasurer, SK Secretary, Mother Leaders (ML), Barangay Health Workers (BHW), Lingkod Lingap sa Nayon (LLN), Barangay Population Workers (BPW), at Barangay Womens Desk Officers (BWDO)ay naghandog ng di-matatawarang serbisyo tulad ng pamamahagi ng Home Quarantine Pass, Market Pass, Unified Home Quarantine Pass na ipinamahagi at nagmula sa Pamahalaang Panlungsod, pamamahagi ng ayuda ng Pamahalaang Panlungsod, Pamahalaang Barangay, donasyon mula sa pribadong sector, pagmo-monitor, pagko-contact tracing at iba pang gampanin na kanilang ipinagkaloob ng buong husay, buong kasipagan at buong katapatan upang makatulong sa paglaban sa kumakalat na COVID-19 sa lungsod;

SAPAGKAT, kinikilala ng Pamahalaang Panlungsod at ng Sangguniang Panlungsod ang sakripisyo at paghihirap sa tungkulin ng mga kawaning nabanggit sa kabila ng munting benepisyo nilang natatanggap mula sa pamahalaan;

SAPAGKAT, batid ng Pamahalaang Panlungsod at ng sangguniang Panlungsod ang mahalagang gampanin ng mga kawani sa barangay upang mapagtagumpayan ang laban kontra COVID-19;

SAPAGKAT, sa paghahandog ng serbisyo ng mga kawani na naglilingkuran sa Barangay ay nalalagay sila sa panganib na dulot ng kalabang hindi nakikita dagdag pa ang tindi ng sikat ng araw, puyat at pagod;

SAPAGKAT, may sapat na kaukulang paglalaan sa ilalim ng Public Welfare, Amelioration and general Public Interest Fund upang makapagkaloob ng hindi bababa sa P2,000.00 sa mga kawaning nabanggit sa ilalim ng City Appropriation Ordinance;

SAPAGKAT, sa loob ng mahabang panahon ay natigil o' nahinto ang mga kapatid natin sa TODA o' ang Sektor ng Transportasyon na makapaghanap-buhay;

Sa kahilingan ni Kgg. Nino C. Bautista na sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na mariing ipakiusap at buong galang na ipaabot sa butihing Punong Lungsod, Inh. Gilbert T. Gatchalian na maipamahagi ang mga pinagtibay na pinansiyal na tulong gaya ng nakapaloob sa Section 22 ng City Ordinance No. 10-2020 (Living Allowance) para sa mga TODA at Sektor ng Transportasyon, sa Kapasiyahang Panlungsod Blg. 108-2020 at Blg. 147-2020 (Financial Assistance for Volunteers) na nakapaloob sa Supplemental Budget No. 01-2020 at 02-2020, sa mga Sektor na nangangailangan upang makatuloing sa pantawid sa Pandemyang dulot ng COVID-19.

PINAGTIBAY.

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA KASANGGUNI | KGG. KIRK LOUIS NICOLAS KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO KASANGGUNI | KGG. ENRICO C. CAPULE KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*09092020